## PAANO GAMITIN ANG FDC?

Dala ang *FDC* at isang *valid ID,* magtungo lamang sa *partnered gasoline station* upang magpakarga ng gasolina.

Bago magsimula ang transaksyon, maaring mag-*balance inquiry* muna ang *gasoline station attendant* para malaman ang *balance* ng *card*.

## MGA DAPAT TANDAAN SA PAGGAMIT NG *FDC*

- Ang *FDC* ay maaari lamang gamitin pangbili ng *gasoline* o *diesel.*
- Mahigpit na ipinagbabawal na gamitin ang *FDC* sa pagbili ng langis, iba pang produktong petrolyo, o sa pag-*withdraw* ng pera sa mga ATM *Machine*;
- Pagkaingatan ang *FDC* matapos maggamit ang P3,000 para sa *gasoline*. Tandaang maaari pa rin itong magamit sa iba pang programa o ayuda ng DA.

## ANU-ANONG LALAGYAN ANG PINAPAYAGAN NG MGA GASOLINAHAN?




**DEPARTMENT OF AGRICULTURE IV-CALABARZON**
LIPA AGRICULTURAL RESEARCH AND EXPERIMENT STATION (LARES) BRGY. MARAOUY, LIPA CITY, BATANGAS

REGIONAL AGRICULTURE AND FISHERIES INFORMATION SECTION
2022

DA4CALABARZON
rafis@calabarzon.da.gov.ph
www.calabarzon.da.gov.ph
DEPARTMENT OF AGRICULTURE REGION IV-A



# FUEL DISCOUNT PROGRAM FOR FARMERS AND FISHERFOLK

## ANO ANG FUEL DISCOUNT PROGRAM FOR FARMERS AND FISHERFOLK?

Ang *Fuel Discount for Farmers and Fisherfolk Program* ay tulong na ibinibigay ng *Department of Agriculture* sa mga magsasaka ng mais at mangingisda upang maibsan ang epekto ng pagtaas ng presyo ng gasolina sa kanilang kabuhayan.

Makakatanggap ang bawat kwalipikadong benepisyaryo ng *fuel discount card* na naglalaman ng tatlong libong piso (P3,000).

## SINU-SINO ANG KWALIPIKADONG BENEPISYARYO?

**MAGSASAKA NG MAIS**

- Indibidwal o miyembro ng Asosyasyon na rehistrado sa *Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA)* at nakalista sa *Farmers and Fisherfolk Registry System (FFRS)*
- May katibayan na gumagamit o nagmamay-ari ng makinarya at nakalista sa *DA Agricultural and Biosystems Engineering Information System*
- May kakayahang pisikal na makapunta sa mga pinakamalapit na tanggapan ng *USSC.*

**MANGINGISDA**

- Rehistrado sa *Fisherfolk Registration (FishR)*
- Gumagamit ng de-makinang bangka na hindi lalagpas sa tatlong tonelada ang timbang at rehistrado sa BoatR registration of fishing boats gears
- Gumagamit ng legal na kagamitan sa pangingisda
- May kakayahang pisikal na makapunta sa mga pinakamalapit na tanggapan ng *USSC.*

## ANU-ANO ANG KATIBAYAN NG PAGMAMAY-ARI NG MAKINARYA?

- *Certificate of Agricultural and Fishery Machinery and Equipment Registration* mula sa *Local Government Unit*
- Sertipikasyon mula sa *Municipal Agriculture Office* na ang magsasaka o Asosasyon ay may-ari ng gumaganang makinarya
- *Sales/Cash Invoice/Official Receipt* ng Makinarya
- *Deed of Donation*
- *Memorandum of Agreement* kasama ang *Property Transfer Receipt.*

Matapos makumpirma ng *DA Regional Field Office* at *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources* ang pagkakilanlan ng mga kwalipikadong magsasaka't mangingisda, ipapasa ang kabuuang listahan sa *Development Bank of the Philippines* o *USSC* para magawan ng isang *account.*

## SAAN MAAARING GAMITIN ANG FDC?

Ang *Fuel Discount Card* ay maaring gamitin sa mga kalahok na gasolinahan na may *Point-of-Sale (POS)* Terminal o tumatanggap ng *BancNet* o *Visa Card.*

MAGTUNGO SA MGA SUMUSUNOD NA *PARTNERED PETROLEUM RETAIL OUTLETS:*

A. SHELL

B. PETRON

C. TOTAL

D. PHOENIX

E. UNIOIL

F. PTT



## HAKBANG SA PAGKUHA NG FUEL DISCOUNT CARDS (FDC)

1. Makipag-ugnayan sa inyong *city* o *municipal agriculture office* upang masiguro na kasama ang inyong pangalan sa kabuuang listahan ng mga benepisyaryo na makakatanggap ng *FDCs*. Ipapaalam din ng inyong *C/MAO* ang araw at oras ng pagpunta sa *USSC branches* na malapit sa inyong lugar.

2. Base sa iskedyul, ang mga kwalipikadong magsasaka at mangingisda ay magtutungo sa mga USSC para sa *Know-your Client Validation* na magkukumpirma ng mga datos para sa paggawa ng *FDC.*

3. Pirmahan at ipasa ang *waiver* na naglalaman ng obligasyon ng mga benepisyaryo. Kunin ang *FDCs* sa *USSC, DA Regional Field Office, BFAR Regional Office, LGU* o sa panahon ng *caravan*, depende sa anunsyo.